# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

# Mag-ingat sa snatcher!

Sa Saitama, maraming babae ang nabibiktima ng snatcher habang sila ay lumalakad o nagbibisikleta.

## Ang mga tips para hindi maging biktima ng snatcher

### Bitbitin ang bag nang malayo sa daanan ng sasakyan.

Ang bag ay dapat mahigpit na hawakan at bitibitin nang malayo sa daanan ng sasakyan.

### Huwag bitawan ang mga mahalagang gamit.

Pag-ingatan palagi ang mga mahalagang gamit para hindi maagaw ng snatcher.

### Maglagay ng safety cover sa basket ng bisikleta.

Maglagay ng safety cover nang maayos sa basket ng inyong bisikleta.

### Mag-ingat palagi sa paligid.

Dapat laging mag-ingat sa paligid. Lumigon paminsan-minsan para alamin kung may sumusunod sa inyo.

# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

# Protektahan ang mga bata.

Sa Saitama, madalas nangyayari na ang mga bata ay kinakausap o sinusundan ng mg kahina-hinalang tao sa park o sa kalsada.

## Ang apat na bagay na dapat ituro ng mga magulang sa anak.

### Huwag sumama sa di-kilalang tao.

Sa pamilya lamang puwedeng sumama.

### Iwasang maging mag-isa sa labas.

Huwag maglaro nang mag-isa. Iwasang maging mag-isasa pagpasok sa school at sa pag-uwi.

### Sumigaw at humingi ng tulong kapag natakot.

Sumigaw at humingi ng tulong kapagnatakot.

### Magpaalam muna sa pamilya bago umalis ng bahay.

Sabihin na lamang sa pamilya kung sino ang kasama mo, saan kapupunta at anong oraska uuwi.

# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

## Mag-ingat sa magnanakaw ng bisikleta.

Sa Saitama, maraming bisikleta ang ninanakaw hindi lamang mula sa bicycleparking area o sa kalsada, kundi mula sa bakuran ng bahay. Maraming mountain bike din ang ninanakaw.

## Ang mga tips para hindi nakawin ang inyong bisikleta

### Huwag iwan sa kalsada! Ilagay sa parking area.

Hindi ba ninyo iniiwan sa kalsada ang inyong bisikleta habang namamalengke?

Kahit sandaling oras, iparada na lang sa parking area.

### I-lock palagi ang inyong bisikleta!!

Ang mahigit kalahati ng mga ninakaw na bisikleta ay hindi naka-lock noon.

I-lock palagi ang inyong bisikleta!!

# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

## Mag-ingat sa bukas-kotse‼



Sa Saitama, maraming kotse ay pinagnanakawan. Ang mga bag, wallet o mga electric tool atbp ay kinukuha mula sa mga kotse.

## Ang mga tips para hindi manakawan

### I-lock ang kotse kung iiwan ito.

Siguruhing i-lock ang kotse kahit sandali lamang ito iiwan.

### Huwag iwan ang mga gamit sa loob ng kotse.

Huwag iwan ang mga mamahaling gamit sa loob ng kotse.



### I-park ang inyong kotse sa maayos na parking lot.

I-park ang kotse sa parking lot na may ilaw at CCTV.

### Gumamit ng security items



# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

## Protektahan ang sarili mula sa manyakis!!

Sa Saitama, maraming babae ang nabibiktima sa panmomolestya. Madaling mabiktima ang mga babaeng naglalakad nang mag-isa lalo na sa gabi.

## Ang mga dapat gawin para hindi kayo mabiktima

### Dumaan sa maliwanag at mataong lugar.

Delikadong dumaan sa hindi mataong lugar katulad ng eskinita.
Dumaan lamang sa maliwanag at mataong lugar.

### Magdala ng security buzzer

Magdala ng security buzzer at dapat laging itong handang gamitin.

### Delikadong may ginagawa kayo habang naglalakad

「Ang pakikinig ng music sa earphone habang naglalakad」
「Ang paggamit ng cellphone habang naglalakad」

Hindi kayo agad makakapansin sa masasamang loob na lumalapit sa inyo kung may ginagawa kayo habang naglalakad.
Delikado ito at huwag lamang gawin.

# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

## Protektahan ang bahay mula sa magnanakaw‼

Sa Saitama, maraming bahay ay pinapasok ng mga akyat-bahay mula sa mga bintanang hindi naka-lock.

## Ang mga tips para hindi nakawan ang inyong bahay

### Huwag kalimutang i-lock ang pinto!!

I-lock ang pinto kung kayo ay aalis ng bahay kahit sa sandaling oras lang kagaya ng pagtapon ng basura.

### Maglagay ng extra lock sa bintana!!

Maglagay ng extra lock sa bintana.

### Madaling akyatin ang 2F o mas mataas pa.

Ang magnanakaw ay magaling pumasok sa bahay.
I-lock ang mga bintana kahit nasa 2ndfloor o mas mataas na lugar.

### Dapat i-lock ang pinto kahit nasa bahay kayo!!

Kahit nasa bahaykayo, maaaring pasukinng magnanakaw angkuwartong walang tao.
I-lock palagi ang pinto at ang bintana ng inyong bahay.